# Balitang DAR

Ang Opisyal na Pahayagan ng Department of Agrarian Reform

Espesyal na Edisyon

## Basahin at alamin:

Ano ang mga obligasyon ng isang benepisyaryo ng repormang agraryo? P 3

Bakit pinapayagan ang palit-gamit sa lupa o land conversion? P 7

Anu-ano ang mga suportang serbisyo para sa mga magsasaka? P 11

Balitang DAR

**Cleon Lester G. Chavez**
Editor-in-Chief

**Kelvin Angelo R. Paulino**
Editorial Consultant

**Emerito B. Anis**
Senior Writer

**Pinky F. Roque**
Writer

**Francis Xavier A. De La Rosa**
**John Cleine D.G. Gomez**
Layout and Design

Balitang DAR is published quarterly by the Department of Agrarian Reform Public Assistance and Media Relations Service

## Kilalanin sina Darwin at Darla, ang mga bagong mascot ng DAR




Animated tayo ngayon sa espesyal na edisyon ng Balitang DAR para salubungin ang mga mascot ng ating ahensya, sina Darwin at Darla. Makakatulong ko sila sa paghahayag ng mga mensahe ng ating kagawaran sa ating mga farmer-beneficiaries at sa buong Pilipinas. Bilang simula, basahin ang mga infographics sa loob kung saan tampok sina Darwin at Darla sa pagsagot ng mga tanong tungkol sa Department of Agrarian Reform.

-Secretary John R. Castriciones

# 2 Balitang DAR

## Mga benepisyaryo ng CARP







*Si Mang Felix ay matagal nang magsasaka. Tenant siya sa lupang mahigit sa 5 ektarya na pag-aari ng isang pribadong indibidwal. Regular niyang inuupahan ang lupang ito tuwing nagtatapos ang anihan. Matapos isailalim ang lupa sa Comprehensive Agrarian Reform Program o CARP, pwede ba siyang maging benepisyaryong mabibigyan ng lupa?*

*Pwede. Ang mga tenant ng lupang sakahan na sakop ng CARP ay prayoridad na mapabilang bilang benepisyaryo.*

## Maging isang Agrarian Reform Beneficiary!




- *Mga nangungupahan o agricultural lessees, share tenants*
- *Pirmihang manggagawang bukid o regular farmworkers*
- *Pana-panahong mangagawang bukid o seasonal farmworkers*
- *Iba pang mangagawang-bukid o other farmworkers*
- *Tunay na nag-aararo o nakatira sa lupang pampubliko o actual tillers or occupants*
- *Mga grupo at kolektiba ng mga benepisyaryo at kooperatiba o collectives or cooperatives*
- *Iba pang mga tuwirang nagtratrabaho sa lupa*

# Balitang DAR

## Obligasyon ng benepisyaryo ng repormang agraryo

3



*Kapag naipamahagi na ang lupa, ano ang mga obligasyon ng mga benepisyaryo?*

*Matapos makatanggap ng Certificate of Land Ownership Award (CLOA) si Mang Felix mula sa DAR, anu-ano ang mga obligasyon niya bilang isang Agrarian Reform Beneficiary?*




## DO'S & DONT'S

✓ *Dapat ingatan niya ang lupa sa pamamagitan ng paggamit, paglilinang, pangangalaga at ang pagpapaunlad nito.*

✗ *Huwag pabayaan, abandonahin, ibenta o gamitin sa maling paraan ang lupa. Pwedeng bawiin ang mga karapatan sa lupa kasama na rin ang mga serbisyong pansuporta kapag ginawa ito.*

*Babayaran ni Mang Felix ang natanggap na lupa sa loob ng 30 taong amortisasyon na may 6% na interes bawat taon base sa halaga ng lupa at ng mga nakatayong gusali at iba pang permanenteng istruktura doon. Ang presyong babayaran ng magsasaka ay mas mababa kaysa sa presyo ng pagkakabili sa may-ari ng lupa. Upang gawing abot-kaya ang pagbabayad, ang mga amortisasyon ay babayaran ayon sa sumusunod na pamantayan:*




**2.5%** – *ng halaga ng taunang ani sa unang tatlong taon*

**5.0%** – *ng halaga ng taunang ani sa ika-apat at ika-limang taon*

**10%** – *ng halaga ng taunang ani sa mga susunod na taon kung ang halaga ng babayaran ay mas mababa sa regular na amortisasyon.*

4

# Balitang DAR

## Karapatan ng may-ari at umuupa

*Para sa inyong mga katanungan, pwedeng tumawag sa mga hotline ng DAR Public Assistance and Information Center: 02-453-7980 o 02-455-9489.*



*Malugod kayong tutulungan ng mga kawani ng aming kagawaran sa abot ng kanilang makakaya.*

**Maari bang utusan ng may-ari ng lupa o nagpapaupa na palitan ng magsasakang umuupa ang kanyang mga pananim sa pangkomersiyong mga pananim?**

Hindi, sapagkat ang karapatan ng nagpapaupa ay magmungkahi lamang ng pagpapalit sa gamit ng lupa o pagpapalit ng pananim. Ang pagpapalit sa commercial crops ay di itinuturing bilang pagpapalit-gamit ng lupa o kumbersyon. Hindi dapat mapinsala ang mga karapatan ng umuupa at kailangan ang pag-sang-ayon ng nakararami na madadamay kung sakaling may mangyaring pagpapalit-tanim.

**Nawawalan ba ng karapatan ang kasamà kapag ibinenta ng may-ari ang kanyang lupa?**

Hindi mawawala ang karapatan ng magsasaka bilang kasamà kahit ibinenta ng may-ari ang lupa. Kung hindi kayang bilhin ng kasamà ang lupa, ito ay maaring ibenta sa iba. Subalit mananatili pa rin ang kasamà sa lupa bilang kasamà ng bagong nagmamay-ari ng lupa.

**Maari bang paalisin o tanggalin ng may-ari ng lupa ang kasamà sa hindi pagsunod**


Oo, kung ang kasamà ay napatunayang nagpabaya sa pagsunod o pagsagawa sa mga nakasaad sa kontrata na nagpapatupad sa ugnayang upahan o buwisan. Ang Municipal Agrarian Reform Program Officer (MARPO) ang sumusuri sa mga kasunduan upang malaman kung nasusunod ang nasasaad sa kontrata.

**Ano ang pinakamahalagang karapatan ng kasamà?**

Ang pagkakaroon ng "security of tenure." Ito ay isang ligal na pagkakaloob sa kasamà. Sinasabi nito na kapag naitatag na ang ugnayang umuupa at nagpapaupa, maaari lang tapusin ang ugnayang ito ayon sa mga dahilan na nakasaad sa batas at pagkatapos desisyunan ng korte.





**Oo, ayon sa Republic Act No. 6657, lahat ng pampubliko at pribadong lupang pang-agraryo na nakapaloob sa Proclamation No. 131, Executive Order No. 229, 407, 448, at 506 ay pwedeng isailalim sa CARP. Kasama rin dito ang mga pampublikong lupa na maaaring sakahin, ano man ang kasunduang trabaho (tenurial arrangement) at produktong inaani.**



# Balitang DAR

## Pag-aari ng lupa (Landownership)




**Ang may-ari ba ay may karapatang pumili at magtakda ng magiging benepisyaryo sa kanyang lupa?**

Wala. Ang may-ari ay pwede lamang mag-nominate ng magiging benepisyaryo. Subalit ang Municipal Agrarian Reform Officer (MARPO) pa rin ang pinal na pipili. Kailangang kwalipikado ang aplikante sa isinasaad ng batas at dadaan sa pagsala o pagpili ng MARPO o ng Agrarian Reform Program Technologist (ARPT), kasama ng Barangay Agrarian Reform Commitee (BARC)

**Sino ang may katungkulan sa pagsala ng mga Agrarian Reform Beneficiaries (ARBs) sa kanilang mga sakahin?**

Kung ang lupain ay di pang-komersyo, ang Municipal Agrarian Reform Program Officer (MARPO), na tinutulungan ng Barangay Agrarian Reform Commitee (BARC), ang nagsasala ng mga ARB.

Kung pangkomersyo naman ang lupain, ang Beneficiary Screening Committee (BSC) ang may katungkulan sa pagtukoy ng mga ARB.

**Paano malalaman kung ikaw ay napili bilang ARB?**

Malalaman mo ito kapag ikaw ay napasama sa Final Masterlist of ARBs ng DAR na ipinapaskil sa mga barangay. Ikaw rin ay pormal na kokonsultahin ng MARPO tungkol sa paraan ng pamamahagi.

**Anong dokumento ang magpapakita na ang ARB ay may-ari na ng iginawad na lupa?**


Ang Certificate of Landownership Award (CLOA) ang pruweba kung ang lupain ay sumasailalim sa Republic Act No. 6657, at ang dokumentong Emancipation Patent (EP) naman kung ang lupain ay sumasailalim sa Presidential Decree No. 27. Kung ang dokumento ay iginawad ng Department of Environment and Natural Resources (DENR), ang tawag dito ay Free Patent.

**Kailan maihahatid ang ARB sa lupang iginawad sa kanya ng DAR?**

Ihahatid ng Provincial Agrarian Reform Program Officer ang mga ARB matapos maipatala ng DAR ang CLOA sa Register of Deeds.

## Ano ang pagpalit-gamit ng lupa?

Ang pagpalit-gamit ng lupa ay ang proseso ng pagpalit sa kasalukuyang pisikal na gamit ng isang bahagi o piraso ng lupang pansakahan tungo sa ibang gamit maliban sa pagbubungkal ng lupa o pagbubukid, paghahalaman, pagtatanim ng punongkahoy, at pag-ani sa mga produkto, ayon sa pag-apruba ng DAR.



## Bakit pinapayagan ang pagpalit-gamit sa lupa?

**Requirements of people for housing** o kinakailangang tugunan ng pamahalaan ang pangangailangan ng mga tao sa pabahay.





**Industrialization** o may ilang mga lupang pansakahan na kina-kailangang paunlarin sa ibang pamamaraan gaya ng pang-industriya at panserbisyong tunguhin o oryentasyon.


Ang lupa noong panahon ng pagpapatupad ng Comprehensive Agrarian Reform Law (CARL) ay napabilang na pansakahan ngunit nakalaan na pala sa **hindi pansakahang mga layunin.**





**Land resources maximization** o kinakailangang pakinabangan nang husto ang lupa. Kailangang mas maraming benepisyo para sa magsasaka ang pagpapalit-gamit ng lupa (Economically Feasible) na magdudulot ng pagtaas ng kanilang antas ng kabuhayaan.

# Pagresolba ng DARAB sa mga sigalot




**Ang Department of Agrarian Reform Adjudication Board o DARAB ang nagbibigay kalutasan sa mga sigalot pang-agraryo o agrarian disputes. Ang mga susunod ay halimbawa ng mga alitang sakop ng DARAB:**

**D** — **Determination of Security of Tenure** o Pagkilala sa karapatang panunungkulan (tenurial rights) sa lupang pang-agrikultura kung saan umaabot ang usaping ito sa isang agrarian dispute na idinulog ng isa pang partido sa kadahilanang may kinalaman sa tenurial rights. Dito malalaman kung sino ang mananatiling mangungupahan o aktuwal na kasamà o benepisyaryong magsasaka at siyang magiging dahilan ng pagpapaalis sa mga nanghihimasok o nakikialam ng nasabing paglilitis

**A** — **Annulment or cancellation of lease contracts** o ang pagpapawalang bisa o pagkansela ng kontrata sa upa ng kasulatan ng pagbebenta o ng mga susog nito kasama ang mga lupang nasa pangangasiwa at disposisyon ng DAR at Land Bank of the Philippines (LBP)

**R** — **Rights and obligations of persons** o mga karapatan at obligasyon ng mga tao, maging ito'y likas o ibinigay ng batas, na nagpapatakbo, nagbubungkal at lahat ng gamit ng lupang pang-agrikultura na sakop ng RA 6657, na kilala ring batas agraryo. Kabilang rin dito ang pagrepaso ng kasunduan sa pangungupahan

**A** — **Annulment or rescission of lease contracts** o ang pagpapawalang-bisa o pag-urong ng kontrata at kasulatan sa pagbebenta, at ang pagkansela o pagsusog sa mga titulo ng mga lupang pang-agrikultura sa ilalim ng pangangasiwa at disposisyon ng DAR at LBP; Gayundin ang pagpapalabas ng emancipation patents (EP) sa ilalim ng PD 266, Homestead Patents, Free Patents, at iba pang sales patents sa mga dumayo sa mga settlement at resettlement areas sa ilalim ng pangangasiwa at disposisyon ng DAR

**B** — **Boundary disputes** o mga di pagkakasundo dahil sa pagtatakda ng hangganan ng mga lupang nasa pangangasiwa at disposisyon ng DAR at LBP, na inilipat at ipinamahagi, at/o ibinenta sa benepisyaryong kasamâ at saklaw ng kasulatan sa pagbebenta, patents at mga sertipikasyon ng titulo

**C** — **Cases involving the collection of amortization** o mga kaso tungkol sa koleksyon ng amortisasyon sa kabayaran ng lupang iginawad, kasama rin ang pagbabayad sa mga lupang pangresidensiya, pangkomersyal at pang-industriyal sa loob ng settlement at resettlement areas sa ilalim at pangangasiwa at disposisyon ng DAR

**A** — **Acquired lands** o mga lupang nakuha sa ilalim ng Presidential Decree (PD) No. 27 at ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) para sa unang pampangasiwaang pagtakda ng nararapat at makatuwirang bayad

**S** — **Sale, alienation, pre-emption , and redemption** o pagbenta, paglipat, pagbili sa inuupahan (pre-emption), at pagtubos (redemption) ng mga lupang pang agrikultura na saklaw ng CARP at iba pang batas pang-agraryo

**E** — **Ejectment and dispossession of tenants and/or leaseholders** o pagpatalsik at pagtanggal sa kasamâ at/o nangungupahan, maliban sa mga kasong papasailalim sa angkop na korte o iba pang mala-hukom na kinatawan

**S** — **Secondary and subsequent issuance of CLOAs and EPs** o secondary at kasunod pang pagpapalabas ng Certificate of Land Ownership Awards (CLOAs) at Emancipation Patents (EPs) na rehistrado sa Land Registration Authority (LRA), at yung mga kasong may kinalaman sa pagwasto, paglagay ng partisyon, pagkansela, at iba pang kasong pang-agraryo, di pagkakasundo, mga bagay o usapin na tinutukoy ng Secretary ng DAR

# Anu-ano ang mga uri ng sigalot pang-agrayong administratibo na itinuturing na Agrarian Law Implementation (ALI) cases?




**A**pplication for exemption o aplikasyon para makaiwas na masaklaw ng Seksyon 10 ng RA 6657 at aplikasyon para makaiwas alinsunod sa Department of Justice (DOJ) Opinion No. 44 (1990);

**D**etermination of rights of ARBs o pagprotekta sa mga karapatan ng mga benepisyaryo ng repormang agraryo sa lupa at pagkilala sa karapatang magtira (retention) para sa may-ari ng lupa;

**M**atter or concerns o mga usapin o mga bagay na tinutukoy ng Kalihim ng DAR;

**I**dentification of landholdings o pagkilala sa mga lupaing mapapasalilalim sa programang repormang agraryo at ang panimulang pagpapalabas ng Certificate of Land Ownership Awards (CLOA) at Emancipation Patents (EP);

**N**ot yet registered documents o mga dokumentong kailangan pang ipare-histro sa Register of Deeds (RoD) gaya ng CLOA;




**C**onflict of Claims in landed estates o magkatunggaling pag-angkin sa mga landed estates na pinangangasiwaan ng DAR at ng kanyang kasunduan;

**A**pplication for conversion o aplikasyon para sa pagpa-palit-gamit (conversion) ng lupang pang-agrikultural para gawing pabahay, kalakalan, industriyal, o iba pang di pang-agrikulturang gamit at layunin kasama ang mga protesta at pagtanggi tungkol dito;

**S**ubdivision survey of land na nasa ilalim ng Comprehensive Agrarian Reform (CARP), kasama na ang pagbibigay ng indibidwal na CLOA;

**E**xclusion from CARP coverage o pagtanggal sa pagpa-pasailalim mula sa CARP, maliban sa lupang pang-agrikul-tura na ginagamit sa pangkahayupan, babuyan, at manukan at di pagsama/pagtanggal sa palaisdaan at hipunan mula sa saklaw ng CARP alinsunod sa RA 7881;

**S**ettlement administered by DAR o pag-aayos ng mga iba pang mga sigalot ukol sa implementasyon ng CARP.

# Pagresolba ng sigalot gamit ang Pamamagitan (Mediation)

## Ano ang Pamamagitan o Mediation?

Ito ay isang boluntaryong paraan ng magkahidwaang partido kung saan pumipili sila ng Tagapamagitan (Mediator) na siyang nagpapatuloy ng pag-uusap at negosasyon upang tulungan silang maabot ang boluntaryong kasunduan o kalutasan sa kanilang problema o hidwaan.


Layunin ng mediation na mabilis na maresolba ang kaso upang hindi ito umabot sa korte. Sa pamamagitan ng mediation, ang dalawang partido ay magkakaroon ng kasunduan at ito ay kanilang ipatutupad.




## Magkatulad ba ang Mediation at Conciliation?

Hindi. Ang Conciliation o Pakikipagkasundo ay proseso kung saan ang pangatlong partido ay tumutulong sa pagbibigay ng mga solusyon na maaring mapagkasunduan ng magkatunggaling partido, subalit ang desisyon ay manggagaling pa rin sa magkasigalot na partido.

## Ang Pamamagitan at Pakikipagkasundo ba ay mga uri ng Alternative Dispute Resolution (ADR)?



Oo. Ang Pamamagitan at Pakikipagkasundo ay mga uri ng Alternative Dispute Resolution o pamamaraang ginagamit sa paglutas ng isyu o sigalot, kung saan ang paglahok ng ikatlong partido ay patas, upang makatulong sa paglutas ng isyu.

## Paano isinasagawa ang Arbitration?

Ang Arbitration o Paghuhusga ay isang ligal na alternatibo sa litigasyon kung saan ang magkahidwaang partido ay naglalahad ng kanya-kanyang impormasyon at posisyon sa pangatlong partido o arbiter. Batay sa mga impormasyong nakalap at pagsisiyasat sa kaso, ang arbiter ay gagawa ng pasiya.


## Ano ang pagkakaiba sa mga pamamaraang pamamagitan at paghuhusga?

Ang pamamaraang pamamagitan ay nakatuon sa kung papaano ang magkahidwaang partido ay magkakasundo sa solusyon ng kanilang hidwaan o problema. Sa pamamaraang paghuhusga naman, ang arbiter ang gagawa ng pasiya sa paglutas ng hidwaan matapos na ang magkahidwaang partido ay makapagbigay ng kani-kaniyang mga testimonya at ebidensya.

# Balitang DAR

## Mga suportang serbisyo para sa magsasaka






### ARB Housing Project

Murang pabahay para sa mga magsasaka. Ang pagbabayad ay base sa kakayanan ng magsasaka at bubunuin sa loob ng 30 taon.

### Agrarian Reform Community Connectivity and Economic Support Services (ARCCESS)

Iba't-ibang suportang serbisyo gaya ng pautang, mga pagsasanay sa pagsasaka at negosyo, pagbibigay ng mga gamit at makina sa pagsasaka, pagpapagawa ng mga farm-to-market roads at irigasyon.

### DAR-Landbank Microfinance Capacity Development Program

Pag-uugnay sa mga Agrarian Reform Cooperative at mga matatag na institusyong pinansyal (micro-finance institutions) na tumutulong na paunlarin ang mga kooperatiba upang maging epektibo at mahusay na microfinance service providers sa mga miyembro nito.

### Village Level Processing Center Establishment Project (VLPCEP)

Tulong na teknikal at pinansyal para sa pagpapaayos o pagtatayo ng mga food processing center ng kooperatiba upang makalikha at makapagbenta ng de kalidad na produkto.

### Convergence on Livelihood Assistance for ARBs Project (CLAAP)

Negosyong pandagdag-kita sa mga magsasaka.

### Agricultural Production Credit Program (APCP)

Pautang para sa mga ARB na miyembro ng kooperatiba upang masuportahan ang kanilang pagtatanim at mga negosyo.

### DAR-Catholic Relief Services (CRS)

Pag-uugnay ng mga produkto ng magsasaka sa iba't-ibang merkado.

### Up-Valuing ARB Products

Pagpapalakas ng negosyo ng mga magsasaka sa pamamagitan ng product development at market-linkage.

### Community-Managed Potable Water Supply, Sanitation and Hygiene (CPWASH) Project

Malinis na inuming tubig para sa mga Agrarian Reform Community.

Para sa mga detalye, magtanong sa pinakamalapit na opisina ng Department of Agrarian Reform sa inyong lugar, mag-message sa aming Facebook at Twitter (@dargovph), o bumisita sa DAR website (www.dar.gov.ph).

# 12 Balitang DAR

## Ano ang DAR?




**Ang Department of Agrarian Reform (DAR) ay may mandato na ipamahagi ang mga lupaing pang-agrikultura - pampubliko man o pribado - sa mga magsasakang walang lupa. Ito ang ahensiya ng pamahalaan na nangunguna sa pagpapatupad ng Comprehensive Agrarian Reform Program o Republic Act (RA) No. 6657, na sinusugan ng RA No. 9700. Binuo ito alinsunod sa Executive Order No. 129 noong 1987.**

### Anu-anong mga serbisyo ang ipinagkakaloob ng DAR?

#### Land Tenure Services

Ito ay ang pagsakop at pamamahagi ng mga lupang pang-agrikultura. Nag-uumpisa ito sa pagtukoy ng lupang sasaklawin. Kasunod nito ay mga proseso gaya ng pagbibigay-abiso sa may-ari ng lupa, pagpili ng mga benepisyaryo, pagsukat ng lupa, pagpresyo ng lupa, at pagrehistro sa bagong may-ari ng titulo.

#### Balakid sa pagpapatupad ng CARP

Ito ay mga isyu o sigalot sa pagitan ng mga sumusunod:
*Magsasaka laban sa kapwa magsasaka
*Magsasaka laban sa may-ari ng lupain
*May-ari ng lupain laban sa DAR.

#### Agrarian Justice Delivery

Dito dinidinig ang mga sigalot ukol sa CARP gamit ang mediation o pamamagitan. May mga kaso ring umaabot sa korte.

#### Distribution

Ang prosesong ito ay tungo sa pamamahagi ng Certificate of Landownership Award (CLOA) o titulo ng lupa sa mga benepisyaryo.

#### Installation

Ang INSTALLATION ay ang aktwal na paghahatid ng DAR sa mga farmer-beneficiaries sa lupaing kanilang natanggap.

#### Support Services

Ito ang pagbibigay ng DAR ng suporta sa mga benepisyaryo sa pamamagitan ng pautang, mga imprastraktura, pagbibigay-kaalaman, at mga tulong tulad ng traktora at binhing pananim para pagyamanin ang lupang natanggap.

#### Katuparan ng serbisyo ng DAR

Ang layunin ng DAR ay tulungan ang mga magsasakang Agrarian Reform Beneficiaries na maging produktibo, mapangalagaan ang mga sakahang lupa, at maiangat ang antas ng kanilang pamumuhay.